



**MADALI ANG
MALIGTAS**

Ang kaligtasan ay madali, subalit hindi ito walang halaga. Nagkahalaga ito kay Jesu-Cristo ng lahat upang maibigay niya ang kaligtasan ng walang bayad. Ipinagkaloob ng Diyos ang kaligtasan sa paraang magbibigay daan sa sinumang gagawin ang napakahalagang desisyon na makamtan ito. Kung ang batayan ng kaligtasan ay edukasyon, napakarami ang hindi makakasama. Kung ang pagtanggap ng buhay na walang hanggan ay susukatin sa kayamanan, napakarami pa rin ang maiiwan. Kung ugaling walang kamalian ang batayan para maligtas, lahat ay babagsak. Ginawa ng Diyos na ang kaligtasan ay puwedeng makamtan sa pamamagitan ng sariling pananampalataya na kayang gawin kahit ng isang bata. Dahil dito, ginawa ng Diyos na ang lahat ay pantay pantay sa kanyang paningin, at ang lahat ay dapat lumapit sa kanya sa ganong kalagayan na walang magagawa sa Kanyang harapan patungkol sa kaligtasan. (Roma 3:9, 10; Galacia 3:22). Sabi ni Pablo, *“Sapagka’t sa biyaya ay naligtas kayo sa pamamagitan ng pananampalataya; at iyon ay hindi sa inyong mga sarili: ito ay kaloob ng Diyos: Hindi sa mga gawa, na baka sinuman ay magmayabang.”* (Efeso 2:8-9)

GAANO KADALI ANG MALIGTAS?

- 1. Ito’y kasindali ng pagpasok sa pintuan.** *“Ako ang pintuan: sa pamamagitan ko kung ang sinumang tao ay papasok, siya ay maliligtas”* (Juan 10:9a)
- 2. Ito’y kasindali ng paghingi ng tulong.** *“Sapagka’t ang sinumang tatawag sa pangalan ng Panginoon ay maliligtas.”* (Roma 10:13)
- 3. Ito’y kasindali ng paglapit kapag tinawag.** *“Lumapit sa akin, lahat kayo na nagpapagal at nabibigatang lubha, at bibigyan ko*

kayo ng kapahingahan.” (Mateo 11:28)

4. Ito’y kasindali ng pagtanggap ng regalo. *“Sapagka’t ang kabayaran ng kasalanan ay kamatayan: datapuwa’t ang kaloob ng Diyos ay walang-hanggang buhay sa pamamagitan ni Jesu-Cristo na ating Panginoon.” (Roma 6:23)*

5. Ito’y kasindali ng pag-inom ng tubig. *“Nguni’t sinuman ang iinom ng tubig na ibibigay ko sa kaniya ay hindi na kailanman mauuhaw; datapuwa’t ang tubig na ibibigay ko sa kaniya ay magiging sa kaniya na isang balon ng tubig na bumubukal sa walang-hanggang buhay.” (Juan 4:14)*

6. Ito’y kasindali ng pagkain ng tinapay. *“Ako ang buhay na tinapay na bumaba mula sa langit: kung ang sinumang tao ang kumain ng tinapay na ito, ay mabubuhay siya magpakailan man: at ang tinapay na ibibigay ko ay ang aking laman, na ibibigay ko para sa ikabubuhay ng sanlibutan.” (Juan 6:51)*

7. Ito’y kasindali ng pananampalataya sa Diyos. *“Katotohanang, katotohanang, sinasabi ko sa inyo, Siya na nananampalataya sa akin ay may walang-hanggang buhay.” (Juan 6:47)*

Bagama’t madali ang kaligtasan, napakarami pa rin ang hindi makaunawa nito. Inaakala nilang meron silang dapat gawin upang makamtan o pagkalooban ng napakagandang alok. Tama, merong dapat gawin upang maibigay ang kaligtasan ng walang bayad, pero ginawa na ni Jesu-Cristo ang lahat. Ang hinihinigi lamang sa atin ng Diyos ay sumampalataya tayo na si Jesus ay namatay para sa ating mga kasalanan at tanggapin siya sa ating puso at buhay sa pamamagitan ng pananampalataya. Ang katotohanan ng iyong pananampalataya ay makikita sa pamamagitan ng nabagong buhay.

Bakit hindi mo gawin ang pinakamahalagang desisyon na tanggapin si Jesus lamang bilang sariling tagapagligtas kapalit ng dati mong pagtitiwala sa relihiyon o tradisyon? Siya lamang ang namatay para iyong mga kasalanan. Si Jesus lamang ang makapagbabago ng iyong buhay at makapagdadala so iyo sa tamang relasyon sa Diyos.

NASA IYO GLAMANG ANG PAGPAPASIYA!

Gusto mo bang ayusin ang inyong walang hanggang patutunguhan? Nais mo bang gawin ito? Puwede, kahit sa oras na ito. Sa tulong ng Diyos sana'y gawin mo.

Gusto kong makasiguro sa buhay na walang hanggan, nais kong magsisi sa aking mga kasalanan at tanggapin si Jesu-Cristo bilang sariling tagapagligtas. Ipinagkakatiwala ko sa kanya ngayon ang kaligtasan ng aking kaluluwa.

Kung tinanggap mo si Jesu-Cristo bilang sariling tagapagligtas matapos basahin ang pulyeton ito, sana'y aming malaman sa pamamagitan ng pagpapadalang muli ng babasahing ito.

Pangalan _____

Tirahan _____

Siyudad _____ Zip _____

Probinsiya _____ Edad _____



FELLOWSHIP TRACT LEAGUE

P.O. BOX 164 • LEBANON, OH 45036

www.fellowshiptractleague.org © Tract 6031 (Tagalog)

All tracts free as the Lord provides. Not to be sold.